# Mga Detalyeng Kailangan Mong Malaman bago Mag-aral

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

| Mga talatang pag-aaralan | Mga detalyeng kailangan mong malaman bago pag-aralan ang mga talatang ito |
|---|---|
| Mga Gawa 1:23–26 | Nagtipon ang mga Apostol at iba pang tagasunod ni Cristo upang pag-usapan kung sino ang papalit kay Judas Iscariote bilang isa sa Labindalawang Apostol. |
| Mga Gawa 2:37–43 | Habang nagtitipon ang mga Apostol sa Jerusalem pagkatapos ng pag-akyat ni Cristo sa langit, napuspos ng Espiritu Santo ang bawat isa sa kanila sa makapangyarihang paraan (tingnan sa Mga Gawa 2:1–8). Napuspos ng Espiritu, nagpatotoo si Pedro tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 2:14–36). Inilalarawan sa scripture passage na ito ang epekto ng espirituwal na karanasang ito sa maraming nakasaksi nito. |
| Mga Gawa 3:1–8; 4:8–10 | Nakita sina Pedro at Juan ng isang lalaking lumpo sa templo sa Jerusalem. |
| Mga Gawa 5:12–16 | Ang mga Apostol ay binalaan na noon ng mga pinunong Judio na huwag nang magsalita tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 4:13–18). |
| Mga Gawa 5:17–25 | Ibinilanggo sina Pedro at Juan matapos patuloy na magpatotoo tungkol kay Jesucristo at gumawa ng mga himala sa pangalan Niya. |

- Ano ang natutuhan mo tungkol kay Jesucristo mula sa mga talatang ito na nakaapekto sa iyong pananampalataya at tiwala sa Kanya?
- Paano ipinapakita ng mga pangyayaring ito na pinamumunuan ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng Kanyang mga Apostol?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Details You Need to Know before Study.* Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.